## Tala: 1

Pagkabaog(includes abstract) Smith H; Carmack A; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052491

Abstract: Ang pagkabaog ay ang kawalan ng kakayahang matamo o mapanatili ang paninigas ng ari na sapat para sa pagtatalik.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Pagkabaog

**(ED, Erectile Dysfunction, Male Erectile Disorder)**

ni: Heather Smith

[View English Version]

**Kahulugan**

Ang pagkabaog ay ang kawalan ng kakayahang matamo o mapanatili ang paninigas ng ari na sapat para sa pagtatalik.

**Mga Sanhi**

Upang pasimulan at panatiliin ang paninigas, dapat mapuno ang ari ng dugo. Pinapadaloy ng mga nerve signal ang dugo dito. Lalaki ang mga daluyan ng dugo upang mapuno ito ng dugo. Samantala, liliit ang mga ibang daluyan ng dugo, ikinukulang ang dugo sa loob.

Maaaring magdulot ng erectile dysfunction ang mga sumusunod na salik:

## Venous Leak

Maaaring pahintulutan ng tulo sa mga daluyan ng dugo sa ari na makawala ang dugo. Ibig sabihin nito na hindi magagawa ang pagpapatigas sa ari o maaaring hindi magtagal. Maaaring magdulot ng venous leak ang pinsala o karamdaman.

## Neurovascular Function

- Mga problema sa mga signal ng nerve at daloy ng dugo.
- Nerve dysfunction—mababawasan ang pakiramdam ng ari, na humahantong sa pagkabog
- Diabetes —nakakaabala sa mga nerve signal
- Lubusang pagkawala ng mga paninigas sa gabi
- Paninigas ng mga artery —maaaring magdulot ng nabawasang daloy ng dugo
- Peripheral neuropathy , pinsala sa spinal cord, at operasyon—maaaring pinsalain ang mga nerve
- Mga masasamang epekto ng mga gamot

**Mga Daluyan ng Dugo at mga Nerve sa Pelvis ng Lalaki**



*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Mga salik na psychological

Nagdudulot ang utak ng mga maraming nerve signal na kailangan para sa paninigas ng ari. Maaaring may papel ang mga problemang emosyonal sa mga lalaking biglaang nagkakaroon ng pagkabaog.

**Mga Nagbibigay Panganib**
Pinapataas ng mga salik na ito ang iyong tsansang magkaroon ng pagkabaog. Sabihin sa iyong doktor kung meron ka ng anuman sa panganib na mga ito:

- Edad: 65 at mas matanda
- Lahi: Hispanic
- Masyadong pagtaba
- Mga kondisyong medikal:
  - Diabetes
  - Paninigas ng mga artery
  - Talamak na sakit sa bato
  - Paghina ng atay
  - Peyronie's disease (pamamaluktot ng ari ng lalaki dahil sa peklat)
  - Endocrine disorders
  - Neurological disorders (halimbawa, multiple sclerosis , peripheral neuropathy , stroke )
  - Altapresyon
  - Psychiatric disorders (halimbawa, pagkabalisa , labis na pagkalungkot )
- Mga kondisyong traumatic:
  - Vascular surgery
  - Mga operasyon sa pelvis (lalo na para sa prostate cancer )
  - Pinsala sa spinal cord
- Mga pag-uugali:
  - Pag-inom ng alak
  - Paggamit ng bawal na gamot
  - Paggamit ng anabolic steroid
  - Labis na paninigarilyo
  - Mga sigalot sa katalik
- Mga gamot:
  - Antihypertensives
  - Antihistamines

    - Antidepressants
    - Tranquilizers
    - Antipsychotics

**Sintomas**
Kasama sa mga sintomas ang:

- Hindi masyadong matigas na ari ng lalaki
- Mas kaunting mga paninigas

**Pagsuri**
Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal, at magsasagawa ng eksaminasyong pisikal. Asahan ang mga katanungan tungkol sa dalas, kalidad at tagal ng paninigas ng iyong ari. Makakatulong ang iyong mga sagot sa pagsuri.

Susuriin ng doktor ang iyong ari, mga itlog ng bayag, at tumbong. Kung hinihinala ang pisikal na sanhi, kakailanganin mo ng mga pagsusuri sa laboratoryo, kabilang ang:

- Mga antas ng hormone gaya ng thyroid function tests
- Antas ng Prolactin
- Mga antas ng testosterone

## Nocturnal Penile Tumescence Testing

Matutulungan ng pagsusuring ito ang iyong doktor na malaman kung ang sanhi ay dahil sa mga problemang emosyonal o mga problemang pisikal.

## Paglalarawan

Minsan maaaring gawin ang Doppler imaging upang tingnan ang daloy ng dugo. Ginagawa rin ang pagsusuri upang suriin para sa mga pagbabara sa mga artery o mga ugat na nagdadala ng dugo sa ari.

**Paggamot**
Kasama sa mga pagpipilian ng paggamot ang:

## Mga gamot

Maaaring ireseta ng iyong doktor ang:

- Phosphodiesterase inhibitors, gaya ng:
    - Sildenafil (Viagra)
    - Tadalafil (Cialis)
    - Vardenafil (Levitra)

  Huwag inumin ang mga gamot na ito kung umiinom ka din ng mga nitrate.
- Iniinom na testosterone , kung mayroon kang mababang mga antas ng testosterone
- Alprostadil , iniiniksiyon sa ari o ipinapasok sa urethra bilang suppository

## Mga Kagamitang Vacuum

- Plastic cylinder para sa ari
- Pangbomba ng kamay para bombahin ang hangin palabas sa cylinder
- Elastiko para panatiliin ang paninigas pagkatapos tanggalin ang cylinder


## Vascular surgery

Kinukumpuni ng vascular surgery ang mga venous leak. Naipakita na itong mabisa sa ilang mga kaso.

## Penile Implants

May mga medyo-matigas, malambot, at napapalobong mga implant. Ipinapasok sila sa ari sa pamamagitan ng operasyon.

**Penile Implant**



*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Sex Therapy

Makakatulong ang sex therapy sa pagkabaog na dulot ng:

- Di-mabisang mga paraan ng pakikipagtalik
- Mga problema ng ugnayan
- Pagkakabalisa
- Labis na pagkalungkot

**Pag-iwas**
Upang bawasan ang iyong tsansang maging baog:

- Uminom ng mga gamot upang mapangasiwaan ang presyon ng dugo , diabetes, o labis na pagkalungkot.
- Tanungin ang iyong doktor tungkol sa pagpapalit ng mga gamot.
- Panatilihin ang malusog na timbang .
- Kumain ng nakakabuti sa kalusugang diyeta .
- Kung ikaw ay naninigarilyo, ihinto ito . Lubhang iniuugnay ang paninigarilyo sa pagkabaog sa mga middle-aged at mas matandang mga lalaki.
- Makipag-usap sa isang therapist o tagapayo.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for

professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052491